# MAHAL KO BA ANG DIYOS?

A Lord's Flock PRAISE & WORSHIP Topic
By: Rev. Fr. Peterson Tieng, RMS
Agosto 3, 2024

Ang Aklat na *"The Five Love Languages,"* na isinulat ni Gary Chapman, (isang Ministrong Baptist) ay kinilala ang iba't ibang paraan ng pagtanggap ng pagmamahal, pagpuno ng pagmamahal at pagbahagi ng pagmamahal. Una sa lahat, alalahanin natin ang dalawang pinakamahalagang utos: 1. "Ibigin mo ang Panginoon mong Diyos nang buong puso, nang buong kaluluwa, at nang buong pag-iisip." 2. Ibigin mo ang iyong kapwa gaya ng iyong sarili," (Mt. 22:37-39). May limang paraan kung paano natin ipinadadama ang pagmamahal natin sa Diyos.

**Ang Limang Wika ng Pagmamahal:**

1. **MGA SALITANG NAGPAPATIBAY: "Pinupuri at sinasamba ko ba ang Diyos?"**
   - 1.1 Ang pagpuri at pagsamba ay nagbibigay galak sa Diyos. "Purihin ang Diyos ng lahat Niyang lingkod" (Awit 22:23). Kung kinikilala natin Siya, sinasabi natin, "Panginoon, ang buhay ko ay sa iyo."
   - 1.2 Diyos lamang ang ating sasambahin. "Hayaang sambahin Ako ng Aking bayan" (Exo. 7:16).
   - 1.3 Ang pagsunod ay higit kaysa hain (1Sam. 15:22). Sa Lumang Tipan, handang ialay ni Abraham si Isaac, ang kaisa-isa niyang anak, ngunit hindi ito pinahintulutan ng Diyos; sa halip nag-alay siya ng lalaking tupa. Naghandog ang mga Israelita ng mga susunugin sa dambana (Lev. 3:16).
   - 1.4 "Habag ang ibig Ko, hindi hain. Humayo kayo, luwalhatiin ang Diyos" (Mt. 9:13). Sa dulo ng misa nagsisimula ang ating misyon. Sinasamba natin ang Diyos tuwing ipinadadama natin ang ating habag at pagmamahal sa kapwa.
2. **ORAS NA MAY KALIDAD. "Nagbibigay ba ako ng oras sa Panginoon?"** Mahalaga na ma-balanse natin ang ating buhay panalangin, pagninilay, at pakikinig sa Diyos.
   - 2.1 Huwag magsawang manalangin (1Tess. 5:7). Ang ating panalangin ay dumadaloy sa araw-araw nating pamumuhay.
   - 2.2 Ang panalangin sa Diyos ay bahagi ng pagmamahal sa Kanya. "Manalangin kayo sa lahat ng pagkakataon, sa patnubay ng Espiritu" (Efeso 6:18).
3. **PAGTANGGAP NG KALOOB. "Nagpapasalamat ba ako sa Diyos sa Kanyang mga biyaya sa pagiging mabuting katiwala?"**
   - 3.1 Ang lahat na nasa atin ay biyaya ng Diyos (Gen. 1:3).
   - 3.2 Ang Ikapu at Pangangasiwa
     - ❖ Pananampalataya. Ang pagbibigay ng ikapu ay pagbabalik sa Panginoon. "Magdadala sila ng handog ayon sa kanilang makakaya at ayon sa biyayang natanggap," (Deut. 16:16).
     - ❖ Pasasalamat: ito ay matuwid at makatarungan, (Kawikaan 21:3).
4. **PAGLILINGKOD. "Naglilingkod ba ako sa Diyos?"** Pinuspos tayo ng Diyos upang maglingkod sa ating komunidad. Mahalaga na mahanap natin kung saang ministeryong tayo maglilingkod. "Ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran kundi upang maglingkod," (Mk. 10:45).
5. **PISIKAL NA HIPO. Tinatanggap ko ba Siya sa mga Sakramento?**
   - 5.1 Sa Banal na Eukaristiya, niyayakap, tinatanggap, at hinahawakan natin ang Panginoon. "Ang aking laman ay tunay na pagkain, at ang aking dugo, tunay na inumin" (Jn. 6:55). Sa pagtanggap ng komunyon, kaisa natin ang Panginoon. Prayoridad nating nakapiling ang Panginoon sa Banal na Eukaristiya.
   - 5.2 Mangumpisal. Sa Sakramento ng Kumpisal at pagbabalik loob, naririnig natin ang Diyos na sinasabing, "Pinatawad na ang iyong mga kasalanan," (Lk.7:48).

**KONKLUSYON:**

Ang limang wika ng pagmamahal ang gagabay sa pagsusuri ng ating sarili kung tunay tayong nagmamahal sa Diyos. Alalahanin natin ang modelo ng pagmamahal sa Diyos, si HesuKristo.

**PAGNINILAY:**

1. Ano ang gagawin mo sa iyong buhay para tunay mong magaya ang pagmamahal ng Panginoon?
2. Handa ka na bang ipakita ang limang wika ng pagmamahal sa Diyos at sa kapwa?

**SCRIBES Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Pagmamahal